

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inilulunsad ng Lungsod ang Working Group ng Mayor sa payugto-yugtong plano para sa ligtas na muling pagbubukas ng mga pasilidad at muling pagsisimula ng mga serbisyo ng Lungsod**

BRAMPTON, ON (Abril 22, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ang Working Group ng Mayor na magsisimula sa detalyadong proseso ng pagpapalano para sa muling pagbubukas sa kalaunan ng mga pasilidad ng Lungsod at dahan-dahang muling pagsisimula ng apektadong mga programa at serbisyo, habang nagpapatuloy sa pagbibigay prayoridad sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad.

Pinangunahan ni Panrehiyong Konsehal Martin Medeiros at sa patnubay mula sa Brampton Emergency Management Office, ang working group ay tutuon sa muling pagbubukas ng mga pasilidad ng Lungsod sa ligtas at tinatang paraan. Magpapayo ang pangkat sa mga proseso para gabayan ang pinasadyang mga COVID-19 task force sa panahon ng payugto-yugtong pagbalik para matanggap ng mga residente, negosyo at empleyado ang suportang kailangan nila. Pangungunahan ng pangkat ang konsultasyon sa mga stakeholder sa iba't ibang antas ng mga pangkat ng pamahalaan, sports at arts user, at mga samahan ng residente tungkol sa kanilang mga pangangailangang pangkaligtasan at ninanais na mga resulta.

Bilang Chair ng Human Services para sa Rehiyon ng Peel, si Konsehal Medeiros at ang working group ay magdedepende sa payo mula sa Peel Public Health, sa mga Pamahalaan ng Ontario at Canada, at makipagtulungan sa apat na Task Force ng Mayor sa Lungsod. Sasabihan ng pangkat ang Mayor tungkol sa komento mula sa mga residente at komunidad ng negosyo para sa pag-access sa mga serbisyo ng Lungsod, kailangang mga pagbabago sa serbisyo ayon sa payo ng mga opisyal sa kalusugan, at mga pagkakataon para sa mga bagong paraan para isagawa ng Lungsod ang negosyo. Sasaliksikin din ng pangkat ang hanay ng available na mga pagkakataon sa panustos mula sa ibang mga antas ng pamahalaan na makakatulong sa pagpapababa sa pinansyal na mga epekto ng COVID19 sa mga operation ng Lungsod.

Ang mga detalyeng ito at payo ay ibabahagi sa Mayor at pag-iisipan ng Konseho ng Lungsod sa petsa sa hinaharap.

Simula Marso 16, isinara ng Lungsod ang mga pasilidad ng Lungsod kabilang ang City Hall at kinansela ang ilang programa at mga event. Inanunsyo ang State of Emergency sa Lungsod ng Brampton noong Marso 24. Naganap ang karagdagang mga pagsasara mula nang panahong iyon at ang mga pagkansela ng event at mga festival ng Lungsod ay may bisa hanggang Hulyo 2, 2020. Mananatiling sarado ang mga pasilidad ng Lungsod sa panahong ito hanggang sa karagdagang abiso.

Para sa pinakabagong mga update at mga madalas na itinatanong (FAQs), pakibisita ang: [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19).

**Mga Quote**

“Ang anunsyo ng Probinsya sa naunang bahagi ng linggong ito tungkol sa nagawang progreso ay palatandaan ng kapwa pag-asa at pagsisikap ng marami. Napapasigla ako ng kolektibong aksyon ng ating komunidad ngunit alam na malayo pa ang dadaanan natin sa ating pakikipaglaban sa virus na ito. Kahit na ang ating pokus ay lumipat mula tugon sa emergency papunta sa muling pagbubukas ng Lungsod, nananatiling prayoridad natin ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad. Tayong lahat ay may tungkulin sa ating pagbabalik, at pinaalalahanan ko ang mga residente na pakiusap ipagpatuloy na gawin ang paglayo mula sa iba at sundin ang payo ng Peel Public Health.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga residente at mga negosyo ng Brampton ay masisipag at resilient. Magkasama, bubuuhin natin ang daan sa muling pagbubukas ng City Hall na nagbibigay ng mahalagang mga serbisyo na inaasahan ng mga residente, habang ginagawa ito sa isang ligtas at payugto-yugtong paraan. Ang Advisory Group ng Mayor ay magbibigay ng payo na nagtitiyak na patuloy nating hinahatid ang mga suportang ibinibigay ng mga Task Force, at nagtatakda ng masinop na paraan sa muling pagsisimula ng hanay ng mga serbisyo na ibinibigay ng Lungsod na sumusuporta sa ating araw-araw na buhay.”

- *Martin Medeiros, Panrehiyong Konsehal, Wards 3 at 4*

“Ang muling pagbubukas ng Lungsod ay mangangailangan ng maingat na plano na kadahilanan ng bilang ng mga elemento at inuuna ang payo mula sa ating mga eksperto sa pangangalagang pangkalusugan. Ang pagtatakda nitong working group ngayon ay magbibigay sa ating team ng panahong kailangang para mabuo ang ating pamamaraan at matiyak na kapag ligtas na itong gawin tayo ay lubos na handa na muling buksan ang mga pasilidad at muling simulan ang negosyo at programa.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)